Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco ......... | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo ......... | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 068-T'07**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-T2007 / KAUTUSANG PAGLALAAN BLG. 1-T2007 NG BARANGAY SAN PABLO NORTE NA NAGPAPATIBAY NG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANGDAAN LABINGTATLONG LIBO TATLONGDAAN PITUMPU'T ANIM NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P213,376.80).**

SAPAGKA'T, may mga binalangkas na programa, , proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. San Pablo Norte.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jun M. Asinas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Virgilio T. Ciriaco at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 02-T2007 / Kautusang Paglalaan Blg. 1-T2007 ng Barangay San Pablo Norte na nagpapatibay ng Annual Investment Plan (AIP) na nagkakahalaga ng P213,376.80.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan